Republic of the Philippines
Department of Education
Region V(Bicol)
**DIVISION OF CATANDUANES**
Virac, Catanduanes
Email Add:
Website: Tel No.:

RELEASED
July 14 2016
DepEd-Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
Date JUL 15 2016
Time 11:04 AM
By

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 70, s. 2016

**PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2016 (Elementarya at Sekundarya)**

**Sa mga:** Tagamasid Pampurok
Tagapamanihala ng Paaralan
Koordineytor sa Filipino
Pinuno ng Paaralan

1. Alinsunod sa Memorandum Panrehiyon Blg. 78 s. 2016, magsasagawa ng **PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG WIKANG PAMBANSA** na magtatampok ng Tagisan ng Talino sa antas elementarya at sekundarya sa Agosto 24, 2016. Isusunod na lamang ang lugar ng pagdadausan.

2. Ang tema ng pagdiriwang sa atong ito ay **Filipino: Wika ng Karunungan**. Layunin ng pagdiriwang na:

    a. malinang ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
    b. mapaunlad ng mga guro ang angking husay at dedikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; at,
    c. maganyak ang mga guro at mag-aaral na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa mga gawain kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

3. Ang pagdiriwang ay dadaluhan ng mga koordineytor sa Filipino, tagapagsanay at mga mag-aaral na kalahok sa Tagisan ng Talino sa antas elementarya at sekundarya.

4. Ang rehistrasyon P300.00 para sa pagkain , pamasahe , at iba pang gugulin ng mga kalahok na may kaugnayan sa pagdiriwang ay manggagaling sa pondong local/MOOE na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

5. Kalakip nito ang Pamantayan ng mga Gawain at inaasahang numero ng kalahok.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

for
SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI
Tagapamanihala

PANUNTUNAN SA TAGISAN NG TALINO

A. Masining na Pagkukwento

1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa **Baitang 5** na naguna sa pandristritong paligsahan.
2. Ang masining na pagkukwento ay sa loob lamang ng 3-5 minuto.
3. Ang kwento ay hango sa mga aklat ng kwentong pambata.
4. Ang kasuotan ng kalahok ay pampaaralang uniporme, walang anumang props sa entablado at tanging piyesa lamang ang hawak.
5. Ang pamantayan ay:

| | |
|---|---|
| Pagpili g Kwento | 10% |
| Pagsasalita | 25% |
| Pagbibigay kahulugan/interpretasyon at paraan ng pagkukwento (casual, relaxed, conversational) | 50% |
| Personalidad/Kakayahan sa Pagkukwento | 15% |
| Kabuuan | 100% |

B. Paggawa ng Poster

1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 6 para sa antas antas elementarya at Baitang 10 para sa junior high school na naguna sa distrito (elem) at pampaaralang paligsahan (sekundarya).
2. Isang kalahok lamang sa bawat distrito sa elementarya at ito rin sa bawat paaralan sa sekundarya.
3. Ang tema ng ng paggawa ng poster ay ibibigay ng proctor sa araw ng patimpalak . Hindi pahihintulutan ang pre-drawn sketches.
4. Ang bawat kalahok ay magdadala ng sariling gamit , ¼ illustration board at craypass. Tanging kulay pula, asul, dilaw, at puti ang maaring gamitin. Maari rin ang kumbinasyon ng mga kulay na nabanggit.
5. Ang panghihiram ng gamit sa kapwa kalahok sa oras ng patimpalak ay hindi pinahihintulutan.
6. Ang paggawa ng poster ay sa loob lamang at hindi lalampas sa 2 oras.
7. Ang pamantayan ay:

| | |
|---|---|
| Pagkamalikhain | 40% |
| Orihinalidad | 25% |
| Kaangkupan ng Paksa | 25% |
| Hikayat (Impact) | 10% |
| Kabuuan | 100% |

C. Pagsulat ng Sanaysay

1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 11 na nanguna rin sa pampaaralang paligsahan sa kwiz.
2. Ang pagsulat ay sa loob lamang ng isang oras.
3. Ang pagsulat ng sanaysay ay binubuo ng 5 talataan ukol sa isang isyu o paksa na ibibigay ng proctor.
4. Ang kasuotan ng kalahok ay pampaaralang uniporme.
5. Ang pamantayan ay:

| | |
|---|---|
| Kaangkupan sa paksa | 20% |
| Nilalaman (ideya, organisasyon) | 30% |
| Balarila (wastong gamit ng mga salita, Kayarian ng mga pangungusap) | 30% |
| Pagkakasulat<br>5 talataan- 5%<br>wastong palugit -5%<br>malinis at malinaw -5% | 20% |

malinis at malinaw 5%
cursive/standard 5%

Kabuuan 100%

D. Kwiz sa Komunikasyon sa Wika at Kulturang Filipino

1. Ang kalahok ng kwiz ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 11 na siyang nanguna sa pampaaralang tagisan ng talino at siya ring lalahok sa pagsulat ng sanaysay.
2. May tatlong kategorya ang tagisan ng talino: 15 **madaling tanong** na may 5 puntos bawat isa; 10 **katamtamang tanong na 10 puntos** bawat isa at 10 **mahirap na tanong** na may 15 puntos bawat isa.. Ang mga katanungan sa bawat kategorya ay ihahanda ng Curriculum Implementation Division.
3. Ang bawat tanong ay sasagutin sa loob ng 20 segundo.
4. Ang sagot ng bawat kalahok ay isusulat sa laang sulatan. Ipapakita lamang ang sagot matapos magpahayag ang Quiz Master.
5. Pagkatapos ng bawat kategorya, susumahin ang kabuuang iskor ng bawat kalahok. Ipapahayag ito ng Quiz Master sa kabatiran ng lahat.
6. Hindi pahihintulutan ang mga tagapagsanay na magsasagawa ng paglilinaw. Ang mga kalahok ang nararapat na magsasagawa nito matapos humingi ng pahintulot sa Quiz Master at siya ang magpapahayag ng paglilinaw sa Lupon ng Inampalan. Ang lupon ng Inampalan lamang ang may karapatang magpasya sa anumang paglilinaw na ihahain.
7. Ang tatlong kalahok na magtatamo ng pinakamataas na puntos ang hihirangin mga Nagwagi sa kwiz.

E. Monologo

1. Ang pagmomonologo ay pagbigkas at pagsasabuhay ng isang karakter, sinasabi ang kanyang nadarama at mas marami ang dayalogo kaysa paggalaw, dapat saulado ang piyesa at may background music.
2. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 9 na nanguna sa pampaaralang paligsahan.
3. Ang piyesa ay may isang katauhan lamang, maaring merong kausap at mula sa mga akdang Asyano sa panitikan ng Filipino, Baitang 9.
4. Ang kasuotan at anyo ng kalahok ay maaring iayon sa napiling karakter; walang anumang props na bitbit ang kalahok o anumang gamit/bagay na ilalagay sa entablado.
5. Ang pamantayan ay:

| | |
|---|---|
| Katapatan ng piyesa (malaman, kawili-wili, nagpapayaman ng isipan) | 40% |
| Hikayat ( kakanyahang pantanghalan, ekspresyon,kilos/galaw) | 30% |
| Tinig (lakas,taginting,angkopsa damdamin) | 20% |
| Bigka (wasto, malinaw, angkop sa diwa) | 10% |
| Kabuuan | 100% |

| Kategorya | BILANG NG KALAHOK | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Elementarya | | Sekundarya | |
| | Mag-aaral | Tagapagsanay | Mag-aaral | Tagapagsanay |
| **A. Masining na Pagkukwento** | **1 bawat distrito** | **1 bawat distrito** | | |
| **B. Paggawa ng Poster** | **1 bawat distrito** | **1 bawat distrito** | | |
| **C. Pagsulat ng Sanaysay** | | | 1 bawat sekundarya | 1 bawat sekundarya |
| D. Kwiz | | | 1 bawat sekundarya | 1 bawat sekundarya |
| E. Monologo | | | 1 bawat sekundarya | 1 bawat sekundarya |
| | 40 | 40 | 126 | 126 |